

Mga Hakbang Upang Tumanggap ng Bagong Dayuhang Manggagawa at para sa Pagsasakatuparan ng Mapagtanggap na Lipunan



出入国在留管理庁
Immigration Services Agency of Japan

Puntahan ang website na ito para sa pinakabagong materyales (website ng Ministry of Justice).

Pagtanggap ng Bagong Dayuhang Manggagawa (Pagtatag ng statuses of residence na “Specified Skilled Worker”)
http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/nyuukokukanri01_00127.html

[Materyales (Talaan ng Nilalaman)]


1	Pagbago sa Bilang ng Dayuhang Residente	1
2	Listahan ng Status of Residence	2
3	Pagkahati-hati ng Bilang ng Dayuhang Residente: Status of Residence at Nasyonalidad (bilang noong katapusan ng Hunyo 2019)	3
4	Pagkahati-hati ng Bilang ng Dayuhang Manggagawa	4
5	Pagtanggap ng Dayuhang Manggagawa	5
6	Balangkas ng Sistema (1) Status of Residence	6
7	Patakaran ng Bawat Industriya (14 Industriya)	7
8	Pagkumpara ng Sistema ng Technical Intern Training at Specified Skilled Worker (Balangkas)	10
9	Balangkas ng Sistema (2) Accepting Organizations at Registered Support Organizations	11
10	Balangkas ng Sistema (3) Daloy Bago Magsimula ang Trabaho	12
11	Balangkas ng Plano ng Suporta (1)	13
12	Balangkas ng Plano ng Suporta (2)	14
13	Ano ang mga Registered Support Organizations?	15
14	Mga Notipikasyon (Accepting Organizations at Registered Support Organizations)	16
15	Specified Skilled Worker: Konseho ng Bawat Industriya	17
16	Balangkas ng Memorandum of Cooperation (MOC) para sa “Specified Skilled Workers”	18
17	Katayuan ng Operasyon ng Sistema ng Specified Skilled Worker (1)	19
18	Pangunahing Patakaran at Mga Ordinansa ng Namamahalang Ministeryo, atbp.	21
19	Komprehensibong Plano para sa Pagtanggap at Integrasyon sa Lipunan ng mga Dayuhan	30
20	Karagdagang Materyales	34

Pagbago sa Bilang ng Dayuhang Residente



出入国在留管理庁

Immigration Services Agency of Japan



*Bilang sa katapusan ng bawat taon. Hanggang 2011, bilang ng nakarehistrong dayuhang mamamayan, at, mula 2012, bilang ng dayuhang residente.



Listahan ng Status of Residence

Status of Residence na Maaaring Magtrabaho (may limitasyon sa aktibidad)

Status of Residence	Halimbawa
Diplomat	Embahador o ministro ng dayuhang gobyerno at ang kanilang pamilya
Official	Opisyal ng dayuhang gobyerno na nakikibahagi sa ugnayang pampubliko at ang kanilang pamilya
Professor	Propesor sa kolehiyo, atbp.
Artist	Kompositor, pintor, o manunulat, atbp.
Religious Activities	Mga misyonaryo mula sa dayuhang samahang pangrelihiyon, atbp.
Journalist	Dayuhang press reporter o photographer, atbp.
Highly Skilled Professional	Propesyonal na bihasa sa kaniyang disiplina sa ilalim ng point system
Business Manager	Manedyer o tagapamahala ng kompanya, atbp.
Legal/Accounting Services	Abogado o certified public accountant
Medical Services	Medikal na doktor, dentista, o rehistradong nars, atbp.
Researcher	Nananaliksik para sa gobyerno o kompanya, atbp.
Educator	Guro ng wika sa paaralan, atbp.
Engineer/Humanities Specialist/International Services worker	Mechanical engineer, tagasalin, designer, tagapagturo ng wika, atbp.
Intra-company Transferee	Empleyadong nalipat galing sa opisina sa ibang bansa
Nursing	Tagapag-alaga
Performer	Aktor at artista, singer, o propesyonal na atleta, atbp.
Skilled Labourer	Tagapagluto ng dayuhang lutuin, tagapagturo ng isports, atbp.
Specified Skilled Worker (Note 1)	Manggagawa sa isa sa Mga Itinakdang Industriya (Note 2)
Technical Skilled Worker	Technical intern

Note 1: Mula Abril 1, 2019

Note 2: Nursing; Paglinis sa mga gusali; Machine parts & tooling industries; Industrial machinery; Electric, electronics, and information industries; Construction; Shipbuilding and ship machinery industries; Automobile repair and maintenance; Aviation; Hotel and lodging; Agrikultura; Fishery & aquaculture; Pag-manufacture ng Pagkain at Inumin; Food Service Industry (Desisyon ng Gabinete noong Disyembre 25, 2018).

Status of residence base sa Sariling Katayuan o position (walang limitasyon sa aktibidad)

Status of Residence	Halimbawa
Permanent Resident	Indibidwal na ipinagkalooban ng permanent residence
Spouse or Child of Japanese National	Asawa, anak, o ampon ng Hapon
Spouse or Child of Permanent Resident	Asawa ng permanent resident/special permanent resident, o anak na ipinanganak sa bansang Hapon at patuloy na naninirahan sa bansang Hapon
Long Term Resident	Ikatlong henerasyon na Hapon, anak ng dayuhang asawa, atbp.

Status of residence para sa mga Partikular na Itinakdang Aktibidad

Status of Residence	Halimbawa
Designated Activities	Domestic workers para sa mga diplomatiko, working holidays, atbp.

Status of Residence na Hindi Maaaring Magtrabaho (*)

Status of Residence	Halimbawa
Cultural Activities	Tagasaliksik ng kulturang Hapon, atbp.
Temporary Visitor	Turista o kasapi sa conference, atbp.
Student	Estudyante sa unibersidad, kolehiyo, o paaralan ng wika
Trainee	Trainee
Dependent	Dayuhang asawa o anak ng residenteng maaaring magtrabaho, atbp.


*Kung nakatanggap ng pahintulot na sumali sa aktibidad na dati ay hindi maaari sa ilalim ng resident status na unang ipinagkaloob, maaaring magtrabaho sa loob ng itinakdang limitasyon.

Pagkahati-hati ng Bilang ng Dayuhang Residente: Status of Residence at Nasyonalidad (bilang noong katapusan ng Hunyo 2019)




Kabuuang bilang ng Dayuhang Residente:
2,829,416


Status of Residence



Nasyonalidad/Rehiyon



Pagkahati-hati ng Bilang ng Dayuhang Manggagawa



Base sa buod ng "Foreign Employment Status", ulat na inihanda ng MHLW (bilang sa katapusan ng Oktubre bawat taon)

(1) Residente base sa katayuan – humigit-kumulang 532,000 katao
 (Sa madaling salita, "pangmatagalang residente" (kadalasan mga inapo ng Hapon), "permanent residents", "spouse or child of Japanese nationals", atbp.)
 · Ang mga statuses of residence na ito ay walang limitasyon sa aktibidad kaya maaaring kumita ng pera sa iba't ibang pamamaraan.

(2) Residente dahil sa trabaho – humigit-kumulang 329,000 katao
 (sa madaling salita, "larangang propesyonal at teknikal")
 · Para sa ilang statuses of residence na ito, ang pamantayan kung bakit ito ipinagkakaloob ay batay sa "epekto sa industriya, pamumuhay ng mamamayan, atbp., ng bansang Hapon".

(3) Designated activities – humigit-kumulang 41,000 katao
 (dayuhang nars/kandidatong caregiver batay sa EPA, working holiday, dayuhang construction workers, dayuhang shipbuilding workers, atbp.)
 · May mga pagkakataong hindi maaaring makatanggap ng suweldo ang mga dayuhang may status of residence na "Designated Activities". Naka-base ito sa detalye ng pahintulot na natanggap ng bawat indibidwal.

(4) Technical Intern Training – humigit-kumulang 308,000 katao
 Layunin nito ang internasyonal na kooperasyon sa pamamagitan ng paglipat ng kakayahan patungo sa mga developing countries.
 Sa ilalim ng rebisyon noong Hulyo 1, 2010 ng Immigration Control and Refugee Recognition Act, ang mga Technical trainees na may relasyong employer-employado mula sa unang taon ng pagdating sa bansang Hapon ay ipinagkakalooban ng status of residence na "Technical Intern".

(5) Mga aktibidad maliban sa mga pinahihintulutan ng status of residence na dating ipinagkaloob (part-time na trabaho para sa mga internasyonal na estudyante, atbp.) – humigit-kumulang 373,000 katao
 · Ang pagsali sa mga aktibidad na makakatanggap ng suweldo ay maaaring payagan kung hindi magiging sagabal ang mga ito sa mga aktibidad sa ilalim ng orihinal na status of residence (hanggang 28 oras kada linggo, atbp.).

Mga Pangunahing Konsepto sa Kasalukuyan

Mga Dayuhan sa Larangang Nangangailangan ng Dalubhasa at Teknikal na Kaalaman



Aktibong Pagtanggap

- Pagtaguyod ng aktibong pagtanggap ng mga dayuhang manggagawa sa mga larangang nangangailangan ng dalubhasa at teknikal na kaalaman upang muling umunlad ang ekonomiya at lipunan ng bansang Hapon, at pati na rin ng pagsulong ng globalisasyon (9th Basic Employment Plan (Desisyon ng Gabinete))
- Layunin nito ang itaguyod ang maayos na pagtanggap ng mga dayuhan sa mga larangang nangangailangan ng dalubhasa at teknikal na kaalaman upang makatulong sa pag-unlad ng ekonomiya at lipunan ng bansang Hapon. Upang matupad ito, patuloy na lilinawin at padadaliin ang proseso ng pag-aplay at pagdesisyon para sa resident status (Basic Plan for Immigration Control (Ministry of Justice))

Mga Dayuhan sa ibang Larangan



Nangangailangan ng iba't ibang Konsiderasyon

- Kailangang pag-ingatan ang pagdesisyon batay sa pagsang-ayon ng mga mamamayan dahil sa epekto nito sa ekonomiya at lipunan ng bansang Hapon, at sa pamumuhay ng mga mamamayan (9th Basic Employment Plan (Desisyon ng Gabinete))
- Gayunpaman, kinakailangang pag-isipan nang husto ng iba't ibang ahensya ng gobyerno ang ukol sa pagtanggap ng mga dayuhan sa hinaharap. Kasabay nito ang pagsasaalang-alang ng status of residence na "Specified Skilled Worker" na itinatag para sa layunin ng pagtugon sa kakulangan ng trabahador, at pati na rin ang pag-unawa sa mga sistema at kundisyon sa ibang bansa at ang aktibong pakikinig sa mga alinlangan ng mga mamamayan. (Basic Plan for Immigration Control (Ministry of Justice))

- **Specified Skilled Worker (i):** Status of Residence para sa mga dayuhang manggagawa na **may sapat na kaalaman o karanasan sa Mga Itinakdang Industriya**
- **Specified Skilled Worker (ii):** Status of Residence para sa mga dayuhang manggagawa na **bihasa ang kakayahan sa Mga Itinakdang Industriya**

Mga Itinakdang Industriya (14 industriya) : Nursing; Paglinis sa mga gusali; Machine parts & tooling industries; Industrial machinery; Electric, electronics and information industries; Construction; Shipbuilding and ship machinery industries; Automobile repair and maintenance; Aviation; Hotel and lodging; Agrikultura; Fishery & aquaculture; Pag-manufacture ng Pagkain at Inumin; Food Service Industry

(Ang dalawang may salungguhit lamang ang naaangkop sa Specified Skilled Worker (ii))


Mga Pangunahing Punto ng Specified Skilled Worker (i)

- Tagal ng Pananatili: Maaaring pahabain kada 4, 6, o 12 na buwan, **para sa kabuuang panahon na 5 taon**
- Antas ng Kakayahan: Kinukumpirma sa pamamagitan ng mga pagsusulit (ang mga nakatapos ng Technical Intern Training (ii) ay hindi na kailangang kumuha ng pagsusulit)
- Antas ng Kakayahan sa Wikang Hapon: Kinukumpirma sa pamamagitan ng mga pagsusulit upang malaman ang kakayahan sa wikang Hapon na kakailanganin sa araw-araw na pamumuhay at trabaho (ang mga nakatapos ng Technical Intern Training (ii) ay hindi na kailangang kumuha ng pagsusulit)
- Pagsama ng Pamilya: Hindi maaari
- **Maaaring mapasailalim sa patnubay** ng Accepting Organizations o Registered Support Organizations

Mga Pangunahing Punto ng Specified Skilled Worker (ii)

- Tagal ng Pananatili: Maaaring pahabain kada 6 na buwan, 1 taon, o 3 taon
- Antas ng Kakayahan: : Kinukumpirma sa pamamagitan ng mga pagsusulit
- Antas ng Kakayahan sa Wikang Hapon: Hindi na kailangang kumpirmahin gamit ng pagsusulit, atbp.
- **Pagsama ng Pamilya: Posible kung matugunan ang mga kinakailangan (asawa, anak)**
- Hindi maaaring mapasailalim sa patunubay ng Accepting Organizations o Registered Support Organizations

[Antas ng Kakayahan para sa Status of Residence na Maaaring Magtrabaho]



Patakaran ng Bawat Industriya (14 Industriya)

	Industriya	Kundisyon ng Kakulangan sa Manggagawa	Pamantayan sa Kakayahan		Iba pang Mahahalagang Bagay		
		Bilang ng inaasahang matatanggap (pinakamataas na bilang sa loob ng 5 taon) (*)	Pagsusulit ukol sa Kakayahan	Pagsusulit sa Wikang Hapon	Mga Trabahong Gagawin	Anyo ng Pagka-Empleyo	Espesyal na Kundisyon para sa Accepting Organizations
Ministry of Health, Labour and Welfare	Nursing	60,000 katao	Pagsusulit upang suriin ang kakayahan bilang caregiver	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa (bukod pa sa mga pagsusulit sa wikang Hapon sa itaas) Nursing care Japanese language evaluation test	- Bukod sa pag-aalaga (pagtugon sa mga pangangailangan ng pasyente base sa kaniyang pisikal at mental na kundisyon, tulad ng pagtulong sa pagligo, pagpapakain, at paglinis ng dumi), iba pang mga trabaho na may kaugnayan sa pagserbisyo at pagsuporta (pagtulong sa paglibang, functional training, atbp.) Pansinin: Hindi kasama sa mga serbisyo ang pagbisita (1 kategorya ng pagsusulit)	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MHLW at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MHLW kung kailangan • Pagtakda ng bilang ng tao na matatanggap sa bawat lugar
	Paglinis sa mga gusali	37,000 katao	Pagusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa larangan ng paglinis sa gusali	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	- Paglinis ng loob ng gusali [1 kategorya ng pagsusulit]	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MHLW at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MHLW kung kailangan • Nakarehistro bilang “building cleaning business” o “comprehensive building hygiene management business”
Ministry of Economy, Trade and Industry	Machine parts & tooling industries	21,500 katao	Pagusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa larangan ng manufacturing	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	<ul style="list-style-type: none"> • Casting • Forging • Die casting • Machining • Metal press • Factory sheet metal work • Plating • Aluminum anodizing • Welding • Finishing • Machine inspection • Machine maintenance • Painting [13 kategorya ng pagsusulit]	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng METI at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng METI kung kailangan
	Industrial machinery	5,250 katao	Pagusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa larangan ng manufacturing	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	<ul style="list-style-type: none"> • Casting • Forging • Die Casting • Machining • Painting • Iron work • Factory sheet metal work • Plating • Finishing • Machine inspection • Machine maintenance • Industrial packaging • Electronic equipment assembling • Electrical equipment assembling • Printed wiring board manufacturing • Plastic molding • Metal press • Welding [18 kategorya ng pagsusulit]	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng METI at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng METI kung kailangan
	Electric, electronics, and information industries	4,700 katao	Pagusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa larangan ng manufacturing	Japanese Foundation Test o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	<ul style="list-style-type: none"> • Machining • Metal press • Factory sheet metal work • Plating • Finishing • Machine maintenance • Electronic equipment assembling • Electric equipment assembling • Printed wiring board manufacturing • Plastic molding • Painting • Welding • Industrial packaging [13 kategorya ng pagsusulit]	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng METI at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng METI kung kailangan

Patakarán ng Bawat Industriya (14 Industriya)

Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism	Construction	40,000 katao	Pagsusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa larangan ng Construction	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa <ul style="list-style-type: none"> • Formwork construction • Scaffolding • Plastering • Pagkakarpinterya • Concrete pumping • Pagtutubero • Tunnel and Propulsion • Building sheet metal work • Construction machinery and construction • Heat-retention and cool-retention • Spray urethane insulation • Earthwork • Offshore civil engineering 	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagiging kasapi ng isang construction contractor organization para sa pagtanggap ng mga dayuhan • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MLIT kung kailangan • Sertipikado ang negosyo sa ilalim ng Construction Industry Act • Nakasaad sa kontrata na regular na magbabayad ng suweldo na katumbas o higit pa sa mga Hapon, at maaaring makatanggap ng dagdag sa sahod base sa kasanayan at kadalubhasaan • Ang mga mahahalagang bagay ukol sa kontrata ay ipapaliwanag sa panayam sa pamamagitan ng pagsulat ng mga ito sa katutubong wika ng indibidwal • Nakabase sa mga yunit ng tumatanggap na construction company ang bilang ng taong tatanggapin • Ang suweldo, atbp., ay ipinaliwanag sa “Construction Specified Skilled Worker Acceptance Plan” na sertipikado ng MLIT • Pagtanggap ng kumpirmasyon na ang “Construction Specified Skilled Worker Acceptance Plan” na sertipikado ng MLIT ay maayos na pinapatupad • Nakarehistro kasapi ng isang sistema para sa pagsulong ng career sa construction ng mga dayuhang Specified Skilled Worker
	Shipbuilding and ship machinery industries	13,000 katao	Pagsusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa larangan ng Shipbuilding and ship machinery	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa <ul style="list-style-type: none"> • Welding • Finishing • Plastering • Machining • Iron work • Electrical equipment assembling 	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MLIT at magbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MLIT kung kailangan • Kung mag-outsource ng pagpapatupad ng mga plano ng suporta sa registered support organization, siguraduhin na kayang tugunan ng registered support organization ang mga kundisyung nabanggit sa itaas
	Automobile repair and maintenance	7,000 katao	Pagsusulit para sa Specified Skilled Worker sa larangan ng Automobile repair and maintenance	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa <ul style="list-style-type: none"> • Araw-araw o regular na paginspeksyon at maintenance ng sasakyan, pag-overhaul ng sasakyan 	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MLIT at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MLIT kung kailangan • Kung mag-outsource ng pagpapatupad ng mga plano ng suporta sa registered support organization, siguraduhin na kayang tugunan ng registered support organization ang mga kundisyung nabanggit sa itaas • Sertipikado ang negosyo sa ilalim ng Road Vehicles Act
Aviation	2,200 katao	Pagsusulit para sa Specified Skilled Worker (Larangan ng Aviation: Airport ground handling, aircraft maintenance)	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa <ul style="list-style-type: none"> • Airport ground handling (pagsuporta at pagserbisyo sa mga eroplano habang nasa lupa, pag-asikaso sa mga bagahe at kargamento, atbp.) • Aircraft maintenance (maintenance ng mga eroplano at kagamitan, atbp.) 	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MLIT at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MLIT kung kailangan • Kung mag-outsource ng pagpapatupad ng mga plano ng suporta sa registered support organization, siguraduhin na kayang tugunan ng registered support organization ang mga kundisyung nabanggit sa itaas • Negosyong may on-site na sertipikasyon batay sa mga regulasyon ng namamahala sa paliparan, o sertipikado na mag-maintain ng eroplano sa ilalim ng Aviation Act 	
Hotel and lodging	22,000 katao	Pagsusulit upang suriin ang kakayahang magtrabaho sa larangan ng hotel at lodging	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng mga serbisyong may kaugnayan sa hotel at lodging tulad ng pagtatrabaho sa front desk, paggawa ng plano/relasyong pampubliko, pakikipag-ugnay sa mga customer, serbisyong may kaugnayan sa mga restawran, atbp. 	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MLIT at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MLIT kung kailangan • Kung mag-outsource ng pagpapatupad ng mga plano ng suporta sa registered support organization, siguraduhin na kayang tugunan ng registered support organization ang mga kundisyung nabanggit sa itaas • Awtorisado magpatakbo ng “Inn/Hotel” • Walang kinalaman sa pang-adultong libangan ang negosyo • Hindi pipiliting sumali sa trabahong may kinalaman sa pang-adultong libangan 	

Patakaran ng Bawat Industriya (14 Industriya)

Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries	Agriculture	36,500 katao	Pagsusulit upang suriin ang kakayahang magtrabaho sa larangan ng Agrikultura	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	<ul style="list-style-type: none"> • Pangkalahatang pagsasaka (pamamahala sa pagbungkal ng lupa, pag-ani/pagpadala/pag-uuri ng mga produktong agrikultura, atbp.) • Pangkalahatang pag-aalaga ng mga hayop (pagkolekta/pagpadala/pag-uuri ng livestock products, etc.) <p style="text-align: right;">[2 katagorya ng pagsusulit]</p>	Direkta <u>Dispatch</u>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MAFF at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MAFF kung kailangan • Kung mag-outsource ng pagpapatupad ng mga plano ng suporta sa registered support organization, mag-outsource sa registered support organization na nagbibigay ng kooperasyon sa konseho • Management entity ng agrikultura na may karanasang kumuha ng mga manggagawa na higit sa isang partikular na tagal ng panahon
	Fishery & aquaculture	9,000 katao	Pagsusulit upang suriin ang kakayahang magtrabaho sa larangan ng fishery (fishery o aquaculture)	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	<ul style="list-style-type: none"> • Fishery (produksyon at pagkumpuni ng kagamitan sa pangingsda, paghanap ng isda at halaman sa dagat, paggamit ng kagamitan at makina sa pangingsda, paghuli ng isda/pagkolekta ng halamang dagat, pagproseso at pag-imbak ng huli, paninigurado ng kalusugan at kaligtasan, atbp.) • Aquaculture (produksyon, pagkumpuni, at pamamahala sa materyales ng aquaculture, pag-aalaga, pagkolekta (pag-ani), at pagproseso ng mga hayop at halaman ng aquaculture, paninigurado ng kalusugan at kaligtasan, atbp.) <p style="text-align: right;">- [2 katagorya ng pagsusulit]</p>	Direkta <u>Dispatch</u>	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MAFF at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MAFF kung kailangan • Magsagawa ng mga aksyon na napagkasunduan sa mga konseho na itinatag ng MAFF • Kung mag-outsource ng pagpapatupad ng mga plano ng suporta sa registered support organization, siguraduhin na kayang tugunan ng registered support organization ang mga kundisyung nabanggit sa itaas
	Pag-manufacture ng Pagkain at Inumin	34,000 katao	Pagsusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa larangan ng pag-manufacture ng pagkain at inumin	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	<ul style="list-style-type: none"> • Pag-manufacture ng iba't ibang pagkain at inumin (pag-manufacture/pagproseso ng pagkain at inumin (maliban sa alak) at paninigurado na malinis at ligtas ang mga ito) <p style="text-align: right;">[1 katagorya ng pagsusulit]</p>	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MAFF at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MAFF kung kailangan
	Food Service Industry	53,000 katao	Pagsusulit para sa Specified Skilled Worker (i) sa food service industry	Japan Foundation Test for Basic Japanese o Japanese Language Proficiency Test N4 o higit pa	<ul style="list-style-type: none"> • Pangkalahatang industriya ng restawran (paghanda ng pagkain at inumin, pagserbisyo sa customer, pamamahala ng restawran) <p style="text-align: right;">[1 katagorya ng pagsusulit]</p>	Direkta	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa konseho na itinatag ng MAFF at pagbigay ng kinakailangang kooperasyon • Makitulong sa pagsagot sa mga survey o patnubay ng MAFF kung kailangan • Walang kinalaman sa pang-adultong libangan ang negosyo • Hindi pipiliting sumali sa trabahong may kinalaman sa pang-adultong libangan

Note: Kabuuang bilang na inaasahang matatanggap sa 14 na industriya (pinakamataas na bilang sa loob ng 5 taon): 345,150



	Technical Intern Training (Pangangasiwa bilang grupo)	Specified Skilled Worker (i)
Mga Angkop na Batas at Regulasyon	Act on the Proper Implementation of the Technical Internship of Foreigners and the Protection of Technical Interns, Immigration Control and Refugee Recognition Act	Immigration Control and Refugee Recognition Act
Status of Residence	Status of Residence : “Technical Intern Training”	Status of Residence : “Specified Skilled Worker”
Tagal ng Pananatili	Technical Intern Training (i): hanggang 1 taon; Technical Intern Training (ii): hanggang 2 taon; Technical Intern Training (iii): hanggang 2 taon (hanggang sa kabuuang tagal na 5 taon)	Hanggang 5 taon
Antas ng Kakayahan ng Dayuhan	Wala	Nangangailangan ng angkop na espesyalidad o karanasan
Pagsusulit sa Oras ng Pagpasok ng Bansa	Wala (Kailangan lang ang N4 na kakayahan sa wikang Hapon pagpasok ng bansa kung magtatrabaho sa larangan ng nursing)	Pagkumpirma ng antas ng kakayahan sa trabaho at kakayahan sa wikang Hapon sa pamamagitan ng pagsusulit (Ang nakatapos ng Technical Intern Training (ii) ay hindi na kailangang kumuha ng pagsusulit)
Submitting Agent	Rekomendasyong ng dayuhang gobyerno o sertipikadong organisasyon	Wala
Supervising Organization	Mayroon (Ang pag-audit at pangangasiwa ng mga trainee ay ginagawa ng mga non-profit na grupo; ang permiso ay ipinagkakaloob ng Ministro na may kakayahan)	Wala
Supporting Organization	Wala	Mayroon (Ang mga indibidwal o organisasyon ay maaaring magbigay ng pabahay o suporta sa mga dayuhang Specified Skilled Workers kung na-outsorce ito mula sa accepting organization. Ang rehistrasyon ay isinasagawa ng Immigration Services Agency)
Pag-match ng Dayuhan at Accepting Organization	Kadalasan ay ginagawa ng supervising organization at submitting agent	Ang mga accepting organizations ay nagsasagawa ng direktang paghahanap ng mga empleyado sa ibang bansa, o kaya sa pamamagitan ng mga ahensya sa loob o labas ng bansang Hapon
Bilang ng Tao sa Accepting Organization	Limitado base sa bilang ng full-time na empleyado	Walang quota (maliban sa nursing at construction)
Detalye ng Aktibidad	Pagtanggap ng training at pagsagawa ng mga aktibidad na may kaugnayan sa mga kakayahan base sa Technical Intern Training Plan (i) Pagsagawa ng mga aktibidad na nangangailangan ng mga kakayahan base sa Technical Intern Training Plan (ii, iii) (hindi larangan para sa mga dalubhasa/hindi larangang teknikal)	Mga aktibidad na nangangailangan ng sapat na kakayahan, ankop na espesyalidad, o karanasan (mga espesyal at teknikal na industriya)
Paglipat/Pagpalit ng Trabaho	Kadalasan ay hindi maaari. Gayunpaman, pwedeng lumipat mula (ii) papuntang (iii) kung hindi maiiwasan na malugi ang negosyo	Maaaring magpalit ng trabaho sa loob ng parehong industriya o industriya na nangangailangan ng parehong antas ng kakayahan na dati nang nakumpirma gamit ng pagsusulit



Accepting Organizations

1 Mga Pamantayan upang Makatanggap ng mga Dayuhan ang mga Accepting Organizations

- (1) Wasto ang mga kontrata sa pagtatrabaho para sa mga dayuhan (hal. ang halaga ng suweldo ay katumbas o higit pa sa mga Hapon)
- (2) Ang organisasyon mismo ay wasto (hal. walang paglabag sa mga batas na may kaugnayan sa imigrasyon o labor sa nakaraang 5 taon)
- (3) May sistema ng pagsuporta sa mga dayuhan (hal. may kakayahang magbigay ng suporta sa wika na naiintindihan ng mga dayuhan)
- (4) Angkop ang mga plano ng pagsuporta sa mga dayuhan (hal. mayroong oryentasyon ukol sa araw-araw na pamumuhay, atbp.)

2 Tungkulin ng Accepting Organizations

- (1) Siguraduhin na ang mga kontrata sa pagtatrabaho para sa mga dayuhan ay natutupad (hal. maayos na nagbabayad ng suweldo)
- (2) Angkop ang pagsuporta sa mga dayuhan
 - Maaaring i-outsource ang pagsuporta sa isang registered support organization.
 - Kung lubusang naka-outsource, natutupad ang 1 (3).
- (3) Magsumite ng iba't ibang notipikasyon sa Immigration Services Agency.

Note: Kung ang (1) hanggang (3) ay hindi napapatupad, dagdag pa sa hindi maaaring tumanggap ng mga dayuhan, puwede rin silang mabigyan ng utos ng pagbubuti mula sa Immigration Services Agency.

Registered Support Organizations


1 Pamantayan para sa Pagrehistro


- (1) Ang organisasyon mismo ay wasto (hal. walang paglabag sa mga batas na may kaugnayan sa imigrasyon o labour sa nakaraang 5 taon)
- (2) May sistema ng pagsuporta sa mga dayuhan (hal. may kakayahang magbigay ng suporta sa wika na naiintindihan ng mga dayuhan)

2 Tungkulin ng Registered Support Organizations

- (1) Magbigay ng angkop na suporta sa mga dayuhan
- (2) Magsumite ng iba't ibang notipikasyon sa Immigration Services Agency

Note: Maaaring kanselahin ang rehistrasyon kung ang tungkulin bilang (1) at (2) ay napabayaan.





Mga Pangunahing Punto

- Kinakailangang gumawa ng plano (Plano ng Suporta para sa mga Dayuhang Specified Skill Worker (i), mula rito “plano ng suporta”) ang mga accepting organizations para sa maayos at matatag na pagpapatupad ng suporta sa trabaho, araw-araw na pamumuhay, at buhay panlipunan para sa dayuhang Specified Skilled Worker (i) na nagtatrabaho bilang “Specified Skilled Worker (i), at kailangang magbigay ng suporta batay sa planong ito.

* Walang tungkulin ng pagsuporta para sa Specified Skilled workers (ii).

■ Pagbuo ng Plano ng Suporta

- Kailangang lumikha ng plano ng suporta ang mga accepting organizations sa tuwing mag-aplay para sa residence (*) at i-sumite ito kasama ng iba pang dokumento.
- *Aplikasyon para sa certificate of eligibility ng Specified Skilled Worker (i), aplikasyon para sa pahintulot sa pagpalit ng status of residence, atbp.

■ Mahalagang Elemento ng Plano ng Suporta

- Detalye at pamamaraan ng pagpapatupad ng 10 bagay (tingnan ang pahina 14) na kailangan para sa trabaho, araw-araw na pamumuhay, at buhay panlipunan na itinakda sa Ordinansa ng Ministeryo
- Pangalan at titulo ng support manager at taga-suporta
- Kung ang magsasagawa ng pagsuporta ay naka-outsource sa ibang partido, ang pangalan at address ng nasabing partido
- Registered support organization (kung naka-outsource sa registered support organization)

■ Pagpapatupad ng Plano ng Suporta na Naka-outsource sa mga Registered Support Organizations


- Maaaring i-outsource ng accepting organization ang lahat o bahagi ng plano ng suporta sa iba (pagpirma ng support outsourcing contract).
- Kung ang lahat ng bahagi ng pagpapatupad ng plano ng suporta ay naka-outsource sa registered support organization (tingnan ang pahina 15), ang accepting organization ay itinuturing nakapagtatag ng sistema para suportahan ang mga dayuhan.
- Ang registered support organization na tumanggap ng trabaho ng pagsuporta ay hindi maaaring mag-outsource muli sa iba para ipatupad ang pagsuporta (maaaring gumamit ng tagasalin, atbp., hangga’t ito ay nasa loob ng saklaw ng pagbibigay ng tulong upang masagawa nang maayos ang pagsuporta).

Balangkas ng Plano ng Suporta (2)



(1) Pagbigay ng Paunang Gabay

- Ipaliwanag nang harap-harapan o gamit ng video call ang mga kundisyon sa pagtatrabaho, proseso ng imigrasyon, pagkakaroon ng security deposit, atbp., pagkatapos pumirma ng kontrata sa pagtatrabaho pero bago mag-aplay para sa Certificate of Eligibility o para sa pahintulot sa pagpalit ng status of residence



(2) Pagsundo at Paghatid Pagdating at Pag-alis sa Bansang Hapon

- Pagsundo at paghatid sa pagitan ng paliparan at opisina o tirahan pagdating sa bansa
- Pagsundo, paghatid, at pagsama hanggang sa security checkpoints sa paliparan pag-uwi sa sariling bansa



(3) Pagsuporta sa mga Kontratang Kailangan para sa Tirahan/Pamumuhay

- Pagiging joint guarantor, paglaan ng pabahay mula sa kumpanya, atbp.
- Patnubay sa pagbukas ng bank account, sa pagtatag ng kontrata para sa kuryente, tubig, telepono, atbp.



(4) Pagbigay ng Oryentasyon ukol sa Araw-araw na Pamumuhay

- Pagpapaliwanag ng mga patakaran at kaugalian ng mga Hapon, paraan ng paggamit ng pampublikong institusyon, contact information, at mga dapat gawin sa panahon ng kalamidad para sa maayos na buhay panlipunan.



(5) Pagsama sa mga Opisyal na Proseso

- Kung kailangan, pagsama sa pagrehistro ng tirahan, sa social security, sa prosesong may kinalaman sa buwis, atbp., at pagtulong sa paghanda ng dokumento



(6) Pagbigay ng Pagkakataon Upang Matuto ng Wikang Hapon

- Pagbigay ng impormasyon tungkol sa pag-enrol sa mga klase na nagtuturo ng wikang Hapon, impormasyon ukol sa mga materyales sa pag-aral ng wikang Hapon, atbp.



(7) Pagtugon sa mga Katanungan at Reklamo

- Hinggil sa konsultasyon ukol sa mga reklamo sa trabaho at araw-araw na pamumuhay, pagbigay ng patnubay at payo sa wika na lubos na naiintindihan ng dayuhan



(8) Pagtaguyod ng Pakikipag-ugnay Kasama ng mga Hapon

- Pagbigay ng patnubay at tulong upang makasali sa mga exchange kasama ng mga lokal na residente gaya ng mga neighborhood associations, lokal na pista, atbp.



(9) Suporta sa Pagpalit ng Trabaho (sa panahon ng pagbabawas ng bilang ng empleyado, atbp.)

- Pagtulong sa paghanap ng bagong trabaho kung ikansela ng accepting organization ang kontrata dahil sa kanilang sariling sitwasyon, pagbigay ng impormasyon kung paano gumawa ng sulat ng rekomendasyon, pagbigay ng paid leave upang makahanap ng bagong trabaho at maasikaso ang mga administratibong proseso, atbp.




(10) Regular na Pakikipanayam at Pag-uulat sa mga Administrative Agencies

- Ang taong namamahala at ang dayuhan o ang kaniyang boss ay regular na nagkikita (isang beses sa loob ng 3 buwan); pagsumite ng ulat kung mayroong paglabag sa Labor Standards Act



Ano ang mga Registered Support Organizations?



Ano ang mga Registered Support Organizations?

- Ang mga registered support organizations ay sumasali sa outsourcing contracts kasama ng mga accepting organizations upang ipatupad ang lahat ng suportang kasama sa plano ng suporta.
- Upang maging registered support organization, kailangang magrehistro sa Direktor ng Immigration Services Agency.
- Ang mga registered support organizations ay masasama sa opisyal na rehistro ng mga registered support organizations. Ito ay makikita sa website ng Immigration Services Agency.
- Ang tagal ng pagiging rehistradong organisasyon ay 5 taon, at maaari itong i-renew.
- Kailangang magbayad sa panahon ng pagrehistro (Bagong rehistrasyon – 28,400 yen; Renewal – 11,100 yen)
- Ang mga registered support organizations ay kinakailangang magsumite ng iba't ibang notipikasyon (regular at sa panahon na kailangan) sa Direktor ng Immigration Services Agency.

Mga Pangunahing Punto

- Ang mga accepting organizations at registered support organizations ay kinakailangang regular na magsumite ng iba't ibang notipikasyon sa Direktor ng Immigration Services Agency.
- Ang hindi pagsumite ng notipikasyon o ang pagsumite ng huwad na ulat ng accepting organization ay magresulta sa parusa/multa.

■ Mga Notipikasyon ng Accepting Organizations *Makakatanggap ng patnubay o parusa/multa kung labagin ang mga ito

[Mga notipikasyon sa panahon na kailangan lamang]

- Notipikasyon ukol sa pagbabago sa kontrata ng Specified Skilled Worker, pagwawakas ng kontrata, at pagpirma ng bagong kontrata
- Notipikasyon ukol sa pagbabago sa plano ng suporta
- Notipikasyon ukol sa pagtatapos ng support outsourcing contract, pagbabago sa kontrata, o pagwawakas ng kontrata kasama ng registered support organization
- Notipikasyon ukol sa kahirapan ng pagtanggap ng dayuhang Specified Skilled Worker
- Notipikasyon ukol sa pagkakamali/paglabag sa mga batas at regulasyon hinggil sa imigrasyon o labor

[Regular na notipikasyon]

- Notipikasyon ukol sa katayuan ng pagtanggap ng mga dayuhang Specified Skilled Workers (hal. kabuuang bilang ng natanggap na dayuhang specified skilled workers, impormasyon gaya ng pangalan, atbp., bilang ng araw ng aktibidad, lokasyon, detalye ng negosyo, atbp.)
- Notipikasyon ukol sa katayuan ng pagpapatupad ng plano ng suporta (hal. nilalaman ng konsultasyon at resulta ng pagtugon dito) *maliban na lang kung ang pagpapatupad ng buong plano ng suporta ay naka-outsource sa registered support organization
- Notipikasyon ukol sa katayuan ng aktibidad ng dayuhang Specified Skilled Workers (hal. katayuan ng pagbayad ng suweldo, bilang ng empleyadong umalis, bilang ng nawawalang tao, halaga ng pagtanggap, atbp.)

■ Mga Notipikasyon ng Registered Support Organizations

*Makakatanggap ng patnubay o kanselasyon ng rehistrasyon kung labagin ang mga ito

[Notipikasyon sa panahon na kailangan lamang]

- Notipikasyon ukol sa pagbabago sa mga detalye ng rehistrasyon
- Notipikasyon ukol sa pagsuspende ng pagbigay ng serbisyong pangsuporta

[Regular na notipikasyon]

- Notipikasyon ukol sa katayuan ng pagpapatupad ng suporta (hal. pangalan ng dayuhang specified skilled worker, pangalan ng accepting organization, detalye ng konsultasyon mula sa dayuhang specified skilled worker at katayuan ng pagtugon dito, atbp.)

[Regular na Notipikasyon]*Angkop sa accepting organizations at registered support organizations

○Pagsumite ng notipikasyon bawat quarter (sa loob ng 14 na araw ng pagsimula ng susunod na quarter)

(1) 1Q: Enero 1 hanggang Marso 31

(2) 2Q: Abril 1 hanggang Hunyo 30


(3) 3Q: Hulyo 1 hanggang Setyembre 30

(4) 4Q: Oktubre 1 hanggang Disyembre 31

Mga Pangunahing Punto

- Upang maayos na mapatakbo ang sistema, ang namamahalang ministeryo sa bawat industriya ay magtatatag ng Konseho para sa bawat Itinakdang Industriya.
- Palalaksin ng mga Konsehong ito ang koordinasyon ng mga miyembro, magbabahagi sila ng mga sistema at impormasyon para makakuha ng sapat na dayuhang Specified Skilled Workers ang mga lokal na negosyo, at itataas nila ang kamalayan ukol sa mga isyung may kinalaman sa pagsunod sa batas.

Ilustrasyon



Detalye ng Aktibidad

- Pagbabahagi ng mga layunin at mabubuting gawain ng mga sistema para sa pagtanggap ng dayuhang Specified Skilled Workers
- Kamalayan ukol sa pagsunod sa mga batas ng mga organisasyon na may kinalaman sa iilang uri ng Specified Skilled Workers
- Intindihin at pag-aralan ang impormasyon ukol sa pagbabago sa istruktura ng trabaho at kondisyon ng ekonomiya
- Intindihin at pag-aralan ang kakulangan ng manggagawa sa bawat rehiyon
- Pagsusuri at pagsasaayos ng mga hakbang upang bawasan ang konsentrasyon ng mga manggagawa sa mga lungsod batay sa impormasyon hinggil sa kakulangan ng manggagawa, katayuan ng pagtanggap ng mga manggagawa, atbp. (hal. kung nakapansin ng labis na konsentrasyon, ang paghiling ng mga kinakailangang bagay mula sa mga miyembro)
- Pagbabahagi ng iba pang impormasyon at isyu, konsultasyon, atbp., para sa maayos at wastong pagpapatupad ng aktibidad ng pagtanggap

Note: Sa larangan ng construction, kailangang kasapi ang accepting organization sa isang korporasyon na magkasamang itinatag ng organisasyon ng industriya, at ang korporasyong ito ay miyembro ng Konseho.

Pangunahing Patakaran ng Gobyerno (Desisyon ng Gabinete, Disyembre 25, 2018)

Pagtatag ng mga kinakailangang hakbang tulad ng paghanda ng bilateral arrangements sa pagitan ng mga gobyerno, atbp., upang maiwasan ang pagpasok ng mga malisyosong ahensya na kumokolekta ng deposito, atbp.


Komprehensibong Inisyatibo (Desisyon ng Ministeryo, Disyembre 25, 2018)

- Inisyatibo upang itaguyod ang maayos at tamang pagtanggap ng mga dayuhang manggagawa: Eliminasyon ng mga malisyosong ahensya
Layunin nito ang pag-alis ng mga malisyosong ahensya sa 9 na bansa na inaasahang magpapadala ng mga dayuhang manggagawa at kung saan ang mga pagsusulit sa wikang Hapon ay isasagawa (mula rito “9 na prioridad na bansa”), sa pamamagitan ng pagtatag ng bilateral arrangements sa pagitan ng mga gobyerno, atbp., na bubuo ng balangkas para sa pagbabahagi ng impormasyon, at kung kailangan, ang pagpapatuloy ng negosasyon kasama ng iba pang bansa bukod sa mga nasabing bansa na inaasahang magpapadala ng manggagawa upang makatagatag ng katulad na arrangement.

Mga Pangunahing Punto ng MOC

- Pagbabahagi ng Impormasyon
Mabilis na makakabahagi ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa maayos at tamang pagpapadala at pagtanggap ng mga dayuhang Specified Skilled Workers. Kasama sa impormasyong ito ang mga sumusunod na aksyon ng mga organisasyon sa parehong bansa na kasali sa pag-recruit at pagkuha ng mga dayuhang Specified Skilled Workers.
 - Pagkolekta ng security deposit, pagtakda ng parusa/multa, pag-abuso ng mga karapatang pantao, huwad na dokumento, hindi wastong pagkolekta ng gastusin, atbp.
- Konsultasyon para sa mga Problema
Pagtalakay (regular at sa panahon na kailangan) ng mga isyu kung saan kailangan ng pagbabago upang itama ang mga ito para sa wastong operasyon ng sistema.

Ilustrasyon ng MOC



Mga Pumirma (11 bansa)


(impormasyon noong katapusan ng Disyembre 2019; ang mga bansang naka-bold na font ay may komprehensibong MOC)

Philippines (Marso 19), **Cambodia** (Marso 25), **Nepal** (Marso 25), **Myanmar** (Marso 28), **Mongolia** (Abril 17), Sri Lanka (Hunyo 19), **Indonesia** (Hunyo 25), **Vietnam** (nagpalitan ng dokumento noong Hulyo 1), Bangladesh (Agosto 27), Uzbekistan (Disyembre 17), Pakistan (Disyembre 23)




Katayuan ng mga Permiso para sa Dayuhang Specified Skilled Worker (impormasyon noong katapusan ng Disyembre 2019; paunang data)


- | | |
|--|------------|
| (1) Ipinagkaloob ng Certificate of Eligibility | 1,139 kaso |
| (2) Pahintulot sa Pagpalit ng Status of Residence | 1,062 kaso |
| (3) Pagrehistro bilang Registered Support Organizations | 3,451 kaso |
| (4) "Designated Activities" bilang Espesyal na Kasong Napahintulutan | 857 kaso |
- (Kasama ang mga hindi pa na-isyu)



Pagkalahati-hati ng mga Pinahintulutang Kaso



Bilang ng Dayuhang Specified Skilled Workers (bilang noong katapusan ng Nobyembre 2019; paunang data)



Industriya	katao
Nursing	19
Paglinis sa mga gusali	12
Machine parts & tooling industries	143
Industrial machinery	151
Electric, electronics and, information industries	31
Construction	59
Shipbuilding and ship machinery industries	32
Automobile repair and maintenance	8
Aviation	0
Hotel and lodging	13
Agrikultura	169
Fishery & aquaculture	8
Pag-manufacture ng Pagkain at Inumin	303
Food Service Industry	71

Katayuan ng Operasyon ng Sistema ng Specified Skilled Worker (2)



Katayuan ng Pagpapatupad ng Pagsusulit para sa Specified Skilled Worker, atbp. (impormasyon noong katapusan ng Disyembre 2019, nilikha sa pamamagitan ng pagsangguni sa website ng bawat testing organization)

	Lokasyon (Buwan)		Bilang ng Kumuha ng Pagsusulit	Bilang ng Pumasa	Iskedyul sa Hinaharap (Note 1)	
Nursing	(Philippines) (Cambodia) (Indonesia) (Nepal) (Mongolia) (Japan)	Abr-Dis 2019 Set-Dis 2019 Okt-Dis 2019 Okt-Dis 2019 Nob, Dis 2019 Okt-Dis 2019	(Pagsusulit ukol sa Kakayahan) 2,634 katao (Note 2) (Pagsusulit sa Wikang Hapon) 2,612 katao (Note 2)	(Pagsusulit ukol sa Kakayahan) 1,254 katao (Note 2) (Pagsusulit sa Wikang Hapon) 1,285 katao (Note 2)	(Philippines) (Cambodia) (Indonesia) (Nepal)	Ene 2020 Ene 2020 Ene 2020 Ene 2020
Paglinis sa mga gusali	(Myanmar) (Japan)	Dis 2019 Nob, Dis 2019	472 katao	317 katao	—	
Machine parts & tooling industries (Note 3) Industrial machinery (Note 3) Electric, electronics, and information industries (Note 3)	—		—	—	(Indonesia)	Ene 2020
Shipbuilding and ship machinery industries (Note 3)	(Philippines)	Nob 2019	(Note 2)	(Note 2)	—	
Automobile repair and maintenance	(Philippines)	Dis 2019	12 katao	12 katao	(Philippines)	Ene-Mar 2020
Aviation (Note 3)	(Philippines) (Mongolia) (Japan)	Nob 2019 Okt 2019 Nob 2019	227 katao	128 katao	(Japan)	Peb 2019
Hotel and lodging	(Myanmar) (Japan)	Okt 2019 Abr, Okt 2019	1,280 katao	728 katao	(Japan)	Ene 2020
Agrikultura (Note 3)	(Philippines)	Okt-Dis 2019	9 katao (Note 2)	9 katao (Note 2)	(Philippines) (Cambodia) (Indonesia)	Ene-Mar 2020 Ene-Mar 2020 Ene-Mar 2020
Fishery & aquaculture (Note 3)	—		—	—	(Indonesia)	Ene 2020
Pag-manufacture ng Pagkain at Inumin	(Philippines) (Japan)	Nob, Dis 2019 Okt 2019	626 katao (Note 2)	433 katao (Note 2)	(Philippines) (Indonesia) (Japan)	Ene-Mar 2020 Ene-Mar 2020 Peb 2020
Food Service Industry	(Philippines) (Japan)	Nob, Dis 2019 Abr, Hun, Set, Nob 2019	4,717 katao (Note 2)	2,966 katao (Note 2)	(Philippines) (Cambodia) (Japan)	Ene-Mar 2020 Ene-Mar 2020 Peb 2020
Japan Foundation Test for Basic Japanese	(Philippines) (Cambodia) (Indonesia) (Nepal) (Mongolia)	Abr-Hun, Ago-Nob 2019 Okt 2019 Okt, Nob 2019 Okt, Nob 2019 Nob 2019	2,279 katao	779 katao	(Philippines) (Cambodia) (Indonesia) (Nepal)	Ene 2020 Ene 2020 Ene 2020 Ene 2020

Note 1: Ang iskedyul ng pagpapatupad pagkatapos ng Enero 2020 ay maaaring magbago.

Note 2: Ang bilang ng kumuha/pumasa ng pagsusulit para sa Nursing (pagsusulit ukol sa kakayahan at pagsusulit sa wikang Hapon), Shipbuilding and ship machinery industries, Agrikultura, Pag-manufacture ng Pagkain at Inumin, at Food Service Industry pagkatapos ng Nobyembre ay hindi pa lumalabas at hindi kasama sa kabuuang bilang.

Note 3: Ang katayuan ng pagpapatupad ng pagsusulit ay magkaiba ayon sa larangan ng negosyo.

Pangunahing Patakaran at Mga Ordinansa ng Namamahalang Ministeryo, atbp.

Balangkas ng Pangunahing Patakaran para sa Operasyon ng Sistema ng Specified Skilled Worker Status of Residence

Pangunahing Patakaran ukol sa Operasyon ng Sistema ng Specified Skilled Worker Status of Residence upang Makatatag ng Wastong Sistema para sa Specified Skilled Worker Status of Residence (Rebisyon ng Immigration Control and Refugee Recognition Act Article 2-3)

1 Mga Bagay na may Kaugnayan sa Kabuluhan ng Sistema

Para matugunan ang kakulangan ng manggagawa (kasama na rito ang mga maliit at medium na negosyo) sa sitwasyon kung saan hirap makakuha ng human resources kahit na nagsumikap ang gobyerno upang maging mas produktibo at upang masiguradong may human resources sa loob ng bansa, ang sistemang ito ay tinatag upang tumanggap ng mga dayuhang may angkop na espesyalidad at kakayahan sa mga industriya at maaaring magsimulang magtrabaho agad-agad.

2 Mga Bagay na may Kaugnayan sa Pagsiguro ng Human Resources sa Pamamagitan ng mga Dayuhan dahil sa Kakulangan sa mga Industriya

➤ Mga Industriyang Tumatanggap ng Dayuhang Specified Skilled Workers

Dahil sa kahirapan ng pagkuha ng human resources kahit na nagsumikap ang gobyerno na maging mas produktibo at masiguradong may human resources sa loob ng bansa, maaaring kumuha ang iba't ibang industriya (Mga Itinakdang Industriya) ng mga dayuhan upang matugunan ang kakulangan

➤ Konsiderasyon ng Lokal na Sitwasyon Hinggil sa Kakulangan ng Human Resources

Magsumikap na may sapat na hakbang para hindi magtipun-tipon ang mga manggagawa sa mga lungsod at iba pang partikular na lugar

➤ Estimated na Bilang na Matatanggap

Inilalarawan nito ang inaasahang bilang ng matatanggap sa loob ng 5 taon batay sa partikular na patakaran sa pamamahala ng bawat industriya

3 Mga Bagay na may Kaugnayan sa Kailangang Human Resources

(*) Kinukumpirma gamit ng pagsusulit ng namamahaling administrative agency

	Specified Skilled Worker (i)	Specified Skilled Worker (ii)
Antas ng Kakayahan	Kailangang may angkop na espesyalidad at kakayahan (*)	Bihasa ang kakayahan (*)
Antas ng Kakayahan sa Wikang Hapon	May sapat na kakayahang makipag-usap sa araw-araw na sitwasyon at upang makapagtrabaho nang maayos (*)	—
Tagal ng Pananatili	Hanggang sa kabuuan ng 5 taon	Kailangang pahabain ang tagal ng pananatili
Pagsama ng Pamilya	Hindi maaari	Posible

4 Mga Bagay na may Kaugnayan sa Koordinasyon ng Trabaho ng Nauugnay na Administrative Agency

➤ Lokal na Inisyatibo Lubusang pagtanggap ng mga malisyosong ahensya sa pamamagitan ng pakikipagtulungan kasama ng Ministry of Justice at Ministry of Health, Labour and Welfare, atbp.

➤ Inisyatibo sa Ibang Bansa Pagsasagawa ng sapat na hakbang gaya ng pagbuo ng mga dokumento sa pagitan ng mga gobyerno gaya ng bilateral arrangements, atbp., upang maiwasan ang pagpasok ng mga malisyosong ahensya na kumokolekta ng deposito, atbp.

➤ Pagtugon sa Pagbabago sa Kakulangan ng Manggagawa

